
# Ang Tunay at Buhay na Simbahan

Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol:



Ipinahayag ng Panginoon na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw "ang tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo" (D&T 1:30). Ang ipinanumbalik na Simbahang ito ay totoo dahil ito ang Simbahan ng Tagapagligtas; Siya "ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay" (Juan 14:6). At buhay ang Simbahang ito dahil sa mga gawain at kaloob ng Espiritu Santo. (David A. Bednar, "Tanggapin ang Espiritu Santo," *Liahona*, Nob. 2010, 97)

Itinuro ni Pangulong Dallin H. Oaks ng Unang Panguluhan:



Tatlong katangian—(1) kabuuan ng doktrina, (2) kapangyarihan ng priesthood, at (3) patotoo kay Jesucristo—ang nagpapaliwanag kung bakit . . . ipinahayag ng Diyos . . . na ito ang tanging tunay at buhay na Simbahan sa balat ng lupa. . . .

Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay nauunawaan, panlahatan, may awa, at totoo. . . .

[Sa] pagkakaroon ng kapangyarihan ng priesthood, ang mga lider at ang may karapatang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay binigyan ng karapatang magsagawa ng kinakailangang mga ordenansa ng priesthood, tulad ng binyag, ang kaloob na Espiritu Santo, at pangangasiwa ng sakramento.

Ang mga susi ng priesthood, na hawak ng pinakamamahal nating propeta . . . at ng bawat propeta at Pangulo ng Simbahan, ay nagbibigay karapatan sa kanya na makatanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan. Ang Simbahang ito ay "buhay" dahil may mga propeta tayo na patuloy na nagbibigay sa atin ng salita ng Panginoon na kailangan para sa ating panahon.

Ang pangatlong dahilan kung bakit tayo ang tanging tunay na Simbahan ay dahil nasa atin ang inihayag na katotohanan tungkol sa likas na pagkatao ng Diyos at sa ating kaugnayan sa Kanya, at dahil dito ay kakaiba ang ating patotoo kay Jesucristo. (Dallin H. Oaks, "Ang Tanging Tunay at Buhay na Simbahan," *Liahona*, Ago. 2011, 3–5)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2025 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_022-1